Buod ng Bagong Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan

Santa Clara County PUBLIC HEALTH

Habang ang mga bilang ng COVID-19 sa ating estado at rehiyon ay patuloy na tumataas, ang Opisyal ng Pangkalusugan ng County ay lumilipat sa isang bagong estratehiya upang ipabagal ang virus at protektahan ang kaligtasan ng ating komunidad. Ang bagong Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusuang ay nagpapataw ng mahigpit na pangkalahatang pamamaraan sa pagbabawas ng panganib sa mga aktibidad at negosyo. Pinapayagan din ng Kautusan ang ilang mga aktibidad na magpatuloy kung sumusunod sa mga pamamaraang ito, lalo na sa mga nagbukas na sa mga kalapit na hurisdiksyon.

Mga Pangkalahatang Kinakailangan:

- Hinihikayat ng Kautusan ang mga residente ng County na mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa pananatili sa bahay hangga't maaari at mabawasan ang mga biyahe at aktibidad sa labas ng bahay.
- Ang mga indibidwal na higit sa edad 70 at ang mga may malubhang kondisyon na medikal ay dapat manatili sa kanilang bahay maliban sa mga mahahalagang pangangailangan.
- Kinakailangan ng Kautuan ang lahat ng mga indibidwal na mahigpit na sundin ang mga kinakailangan ng pagdistansya mula sa ibang tao kapag nasa labas ng kanilang tahanan, at sa pangkalahatan ay ipinagbabawal ang lahat ng mga aktibidad na hindi pumapayag ng pagdistansya mula sa ibang tao.

Mga pagtitipon: Ang Kautusan ay mariing pinabagbagbawal ang mga pagtitipon, ngunit pinapayagan nito ang mga panlabas na pagtitipon (hanggang sa 60 katao) at mga panloob na pagtitipon (hanggang sa 20 katao). Ang mga pagtitipon ay may espesyal na mga panuntunan at dapat sumunod sa Mandatoryang Direktiba sa mga Pagtitipon ng Opisyal ng Pangkalusugan.

Mga panakip sa mukha: Ang bawat tao'y dapat sumunod sa Patnubay sa Panakip sa Mukha na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, na nangangailangan ng karamihan sa mga tao na magsuot ng panakip sa mukha sa halos ng lahat ng oras tuwing umaalis sila sa bahay.

Mga Kinakailangang Naaangkop sa Lahat ng Negosyo:

Ang Kautusan ay nangangailangan na lahat ng mga negosyong nakabukas para sa kanilang mga manggagawa o para sa mga customer ay sumusunod sa isang hanay ng mga patakaran upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19, kabilang ang:

1. Telework: Lahat ng mga negosyo ay dapat magpatuloy na mangailangan ng mga manggagawa na gawin ang kanilang mga trabaho mula sa bahay hangga't maaari. Ang mga manggagawa ay maaaring pumasok sa trabaho lamang upang makumpleto ang trabaho na hindi nila makumpleto mula sa bahay.
2. Mga bagong kinakailangan ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao: Lahat ng mga negosyo ay dapat magkumpleto at magsumite ng isang na-update na Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao para sa bawat isa sa kanilang mga pasilidad sa website ng County sa www.COVID19Prepared.org. Ang Protokol na Pagdistansya Mula sa Ibang Tao ay dapat na lagdaan sa ilalim ng parusa na bawal na magsinungaling at mai-post sa website ng County.

Santa Clara County PUBLIC HEALTH

Ang mga negosyo na nagpapatakbo ng isang pasilidad ay dapat mag-post ng na-update na palatandaan na COVID-19 Prepared at mga talaan ng Impormasyon ng Bisita. Ang mga negosyong nagbibigay ng serbisyo sa maraming mga pasilidad na hindi nila pagmamay-ari (tulad ng paglilinis na mga serbisyo) ay dapat ipamahagi ang Protokol sa mga may-ari o mga nagpapatakbo ng bawat lokasyon na kanilang pinaglilingkuran. Ang lahat ng mga negosyo ay dapat na ipamahagi ang Protokol sa kanilang mga manggagawa.

3. **Capacity limitations:** All businesses must comply with the same density limitations. There may be no more than one worker per 250 gross square feet of the facility, and no more than one customer or member of the public per 150 square feet of space open to the public. Exceptions apply for healthcare, education and childcare facilities. And capacity limits do not apply to children under age 12 when accompanying a parent into a business facility.
4. **Positive case reporting:** All businesses (and governmental entities) are legally required to report to the Public Health Department within 4 hours if they learn that any of their workers are confirmed to be positive for COVID-19. They must also ensure workers alert them if they test positive.

Mga Mandatoryang Direktiba

Ang Opisyal ng Pangkalusugan ay maglalabas ng isang hanay ng mga mandatoryang direktiba na may mga patakaran upang mabawasan ang panganib sa mga sumusunod na tukoy sa industriya at aktibidad:

- Mga Serbisyong Personal, kabilang ang mga salon ng buhok at kuko, terapi ng masahe, at iba pang mga serbisyong pangangalaga sa katawan
- Mga gym at sentro ng kalakasan
- Konstruksyon
- Mga Aktibidad ng Libangan at Atletika
- Mga pagtitipon, kabilang ang para sa sosyal, pang-ekonomiya, sosyal, relihiyon, kultura, at iba pang mga layunin
- Agrikultura
- Mga hotel at motel
- Pampublikong pagbibiyahe
- Pangangalaga sa bata, mga summer camp, at mga aktibidad ng mga bata
- Mga Palanguyan
- Panlabas na kainan
- Mga Pasilidad ng pagkain
- Agrikultura

Ang lahat ng mga negosyo at mga tao sa County ay dapat sundin ang mga direktibang ito, pati na rin ang patnubay sa partikular na industriya na inilabas ng Estado.

Ang ilang mga pasilidad ng negosyo ay nananatiling sarado

Ang mga pasilidad ng negosyo na nagdudulot ng mataas na panganib ng pagkakalat ng COVID-19 o malaking pag-siklab ay dapat manatiling sarado sa publiko. Kasama dito ang anumang panloob na pasilidad na ginagamit para sa mga aktibidad kung saan tinanggal ang mga panakip sa mukha (kasama ang panloob na kainan at bar, panloob na palanguyan, sauna, mga pinainit na silid ng ehersisyo, at mga silid sa paninigarilyo), mga nightclub, sinehan, istadyum, arena, mga lugar ng musika, panloob na mga palaruan at mga sentro ng libangan, at mga di-tirahang pasilidad ng daycare para sa mga adulto at matatanda.

Ang Kautusan ng Estado na Manatili sa Bahay

Bilang karagdagan sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, ang mga negosyo at residente ay dapat sumunod sa Kautusan ng Estado na Manatili sa Bahay. Kung mayroong isang salungatan sa pagitan ng dalawang Kautusan, ang mas mahigpit na Kautusan ay nalalapat. Ang mga negosyong pinapayagan na buksan sa ilalim ng Kautusan ng County ay dapat kumpirmahin na pinahihintulutan silang magbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. At ang mga residente ng County na nais na lumahok sa mga aktibidad na pinapayagan sa ilalim ng Kautusan ng County, kasama ang mga pagtitipon, ay dapat kumpirmahin na ang mga aktibidad na ito ay pinapayagan din sa ilalim ng Kautusan ng Estado.

Kailang magkakabisa ang Kautusan?

Depende. Nagsusumite ang County ng isang aplikasyon sa Estado na, kung na-aprubahan, papayagan ang mas maraming mga negosyo na magbukas sa ilalim ng Kautusan na Manatili-sa-Bahay ng Estado. Tinatawag ito ng Estado na "pagkakaiba-iba." Kung inaprubahan ng Estado ang aplikasyon ng County para sa isang pagkakaiba-iba bago sa Hulyo 13, magkakabisa ang Kautusan sa Hulyo 13. Kung hindi man, magkakabisa ang Kautusan sa dalawang araw pagkatapos na aprubahan ng Estado ang pagkakaiba-iba ng County. Patuloy na tumingin sa website ng Pampublikong Pangkalusugan para sa mga update.